



**Certificate in Biblical Studies
CBS500 Ang Mga Propeta**

**CBS506 Jonah
Conrad Jun Tolosa**

Panimula

Si Jonah ay isang propeta ng Diyos na kilala sa kanyang kakaibang kwento ng pagsuway at pagliligtas. Inutusan siya ng Diyos na ipangaral ang babala sa lungsod ng Nineveh, ngunit sa halip na sumunod, siya ay nagtangkang tumakas. Sa kanyang paglalakbay, nakaranas siya ng mga kahanga-hangang pangyayari—mula sa isang malaking bagyo, hanggang sa paglamon sa kanya ng isang malaking isda. Bagaman nagtangkang iwasan ang kanyang misyon, sa huli ay ginamit siya ng Diyos upang ipakita ang Kanyang walang hanggang awa at kahabagan, hindi lamang para sa Israel, kundi maging sa mga hindi kapanalig ng Diyos. Ito ang kwento ni Jonah—isang kwento ng pagsisisi, pagliligtas, at ang walang hangganang habag ng Diyos.

Ang eksaktong mga petsa ng ministryo ni Jonah ay hindi tiyak, karaniwang sinasabi ng mga iskolar na ito ay naganap noong ika-8 siglo BC, sa panahon ng paghahari ni Jeroboam II sa Israel (793–753 BC).

Pagtakas ni Jonah sa Diyos (Jonah 1)

Si Jonah, na isang propeta sa Israel, ay tinawag ng Diyos upang magtungo sa Nineveh, ang kabisera ng Imperyo ng Assyria, isang lungsod na kilala sa kanilang kasamaan at kalupitan. Inutusan siya ng Diyos na magbigay ng babala sa mga tao roon: kung hindi sila magsisisi sa kanilang mga kasalanan, wawasakin ng Diyos ang kanilang lungsod.

Ngunit sa halip na sundin ang utos ng Diyos, si Jonah ay tinakot ng kanyang galit at pagkamuhi sa mga taga-Nineveh. Hindi niya matanggap na maaaring ipagkaloob ng Diyos ang Kanyang awa sa kanila. Kaya't nagpasiya si Jonah na tumakas. Pumunta siya sa lungsod ng Joppa at sumakay sa isang barko patungong Tarshish—isang lugar na kabaligtaran ng Nineveh, na nasa malayong dako.

Habang si Jonah ay nasa barko, nagpadala ang Diyos ng isang malakas na bagyo. Natakot ang mga marinero, kaya't sinubukan nilang iligtas ang barko sa pamamagitan ng pagtatapon ng mga gamit sa dagat. Samantala, si Jonah ay mahimbing na natutulog sa ilalim ng kubyerta. Nang nakita siya ng mga marinero, ginising nila siya at hiniling na ipagdasal niya sila.

Sa kalaunan, nalaman nila na si Jonah ang dahilan ng bagyo matapos magpalabunutan. Ipinagtapat ni Jonah na siya ay tumatakas mula sa Diyos ng langit, ang lumikha ng dagat at lupa. Inutusan niya ang mga marinero na itapon siya sa dagat upang humupa ang bagyo. Bagama't ayaw nilang gawin ito, itinapon din nila si Jonah, at huminto nga ang bagyo.

Habang si Jonah ay nilulunod ng dagat, nagpadala ang Diyos ng isang malaking isda na lumunok sa kanya, at siya'y nanatili sa loob nito ng tatlong araw at tatlong gabi.

Panalangin ni Jonah Mula sa Loob ng Isda (Jonah 2)

Habang nasa loob ng isda, si Jonah ay nasa kadiliman at nararamdaman ang kabuuang kawalan ng pag-asa. Nadarama niya na para siyang bumababa sa kalaliman ng kamatayan. Ngunit sa kanyang kagipitan, nanalangin siya sa Diyos. Ipinahayag niya ang kanyang pasasalamat at pagsisisi, at kinilala niya na “Ang kaligtasan ay mula sa Panginoon.”

Narinig ng Diyos ang panalangin ni Jonah at inutusan ang isda na iluwa siya sa tuyong lupa. Nabuhay si Jonah, nagbalik-loob sa Diyos, at handa na ngayon tuparin ang kanyang misyon.

Ang Misyon ni Jonah sa Nineveh (Jonah 3)

Muling inutusan ng Diyos si Jonah na pumunta sa Nineveh. Sa pagkakataong ito, sumunod si Jonah. Pagdating sa malaking lungsod, sinimulan niyang ihayag ang mensahe ng Diyos: "Sa loob ng apatnapung araw, wawasakin ang Nineveh!"

Nang marinig ito ng mga taga-Nineveh, nagulat sila at agad na nagsisi. Mula sa pinakamahihirap hanggang sa pinakamayaman, pati ang hari ng Nineveh, ay nagdamit ng sako at umupo sa abo bilang tanda ng kanilang pagsisisi. Ipinag-utos ng hari na walang tao o hayop ang kakain o iinom, at lahat ay magpapanata ng pagbabago. Umaasa silang magbabago ng isip ang Diyos at hindi na sila lilipulin.

Nakita ng Diyos ang kanilang taos-pusong pagsisisi, kaya't nagpasya Siyang hindi na wasakin ang lungsod.

Ang Galit ni Jonah at Aral ng Diyos (Jonah 4)

Sa halip na matuwa, nagalit si Jonah sa habag ng Diyos. Gusto pa rin niyang makitang maparusahan ang Nineveh. Umalis siya ng lungsod at nagtayo ng maliit na silungan sa silangan nito upang hintayin ang maaaring mangyari.

Habang nag-aabang si Jonah, pinalago ng Diyos ang isang halaman upang bigyan siya ng lilim, na nagpasaya kay Jonah. Ngunit kinabukasan, nagpadala ang Diyos ng isang uod na sumira sa halaman, at ito'y natuyo. Nabalot ng init si Jonah, kaya't muli siyang nanalangin na mamatay na lamang.

Nagtanong ang Diyos sa kanya kung tama bang magalit siya sa pagkawala ng halaman, at sinabi ni Jonah na may karapatan siyang magalit. Sinagot siya ng Diyos, *Nabahala ka sa isang halaman na hindi mo naman itinanim o pinalago. At hindi ba nararapat na ako'y magmalasakit sa dakilang lungsod ng Nineveh, na may higit 120,000 katao na hindi nakakaalam ng kanilang kanan mula sa kaliwa—pati na rin ang kanilang mga hayop?*

Ang Pamana ni Jonah: Isang Propeta ng Awa at Pagsubok ng Tao

Ang kuwento ni Jonah ay nag-iwan ng malalim na pamana na nakasentro sa walang hanggan na awa ng Diyos, ang kapangyarihan ng pagsisisi, at ang pakikibaka sa pagitan ng kalooban ng tao at ng banal na layunin. Bagaman si Jonah ay isang nag-aatubili na propeta na nagtangkang tumakas mula sa utos ng Diyos, ipinakikita ng kaniyang karanasan na walang sinuman ang hindi matutubos—kahit ang mga tao ng Nineveh, isang lungsod na kilalang-kilala sa kasamaan nito. Ang awa ng Diyos, tulad ng ipinakita sa Nineveh, ay nagpapakita na ang Kanyang habag ay umaabot sa lahat ng tao, kahit na ang mga maaaring

ipagpalagay nating hindi karapat-dapat. Ito ay isang makapangyarihang paalala na ang pag-ibig ng Diyos ay walang hangganan.

Kahit na maraming kahinaan si Jonah, ang kanyang personal na pagsisisi at pagsunod sa huli ay nagiging simbolo ng kung paano maaaring gamitin ng Diyos kahit ang pinakamahina o nag-aalinlangang tao upang maisakatuparan ang Kanyang mga dakilang layunin. Ang tatlong araw ni Jonah sa tiyan ng isda ay nagsisilbi ring foreshadowing ni Jesu Cristo, na nag-uugnay sa Kanyang kuwento ng kamatayan at muling pagkabuhay, kaya't si Jonah ay nagiging mahalagang prophetic figure sa Christian theology.

Ang pakikipaglaban ni Jonah sa kalooban ng Diyos—ang kanyang galit sa kapatawaran ng Nineveh at pagkamuhi sa awa ng Diyos—ay gumagawa sa kanya ng isang tauhang madaling makarelata para sa sinumang nakikipagbuno sa mahihirap na tungkulin o personal na pagkiling. Ang kanyang kwento ay isang walang hanggang pagsasalamin sa kalagayan ng tao, na hinihimok tayong magtiwala sa mas malaking plano ng Diyos, kahit na ito'y hamon sa ating pag-unawa sa hustisya o awa.

Sa kabuuan, ang kwento ni Jonah ay hindi lamang tungkol sa isang misyon ng isang tao, kundi tungkol sa panghabang-buhay na mensahe na ang awa ng Diyos ay para sa lahat. Ang kanyang pamana ay patuloy na nagbibigay inspirasyon at hamon sa mga mananampalataya na tumugon sa tawag ng Diyos, na nagtitiwala na ang Kanyang awa, kahit para sa mga tila hindi karapat-dapat, ay walang hanggan.

Multiple Choice:

1. Ano ang pangunahing reklamo ni Jonah laban sa Diyos pagkatapos magsisi ang mga tao ng Nineveh?
 - a. Hindi pinarusahan ng Diyos ang mga tao sa Nineveh kahit na nagsisi sila
 - b. Nahihirapan siya sa paghahatid ng mensahe
 - c. Masyadong mabagal ang aksyon ng Diyos
 - d. Hindi nakinig ang mga taga-Nineveh
2. Ang reaksiyon ni Jonah sa pagsisisi ng Nineveh ay nagpapakita ng panloob na tunggalian. Ano ang sinasabi ng kanyang reaksiyon tungkol sa kanyang pagkaunawa sa katarungan at awa ng Diyos?
 - a. Naniniwala si Jonah na ang awa ng Diyos ay para lamang sa Israel.
 - b. Iniisip ni Jonah na ang awa ay dapat ibigay nang walang kondisyon.
 - c. Pakiramdam ni Jonah, dapat parusahan agad ang mga nagsisisi.
 - d. Hindi naiintindihan ni Jonah kung bakit hindi pinahalagahan ng Diyos ang kanyang pagiging propeta.
3. Ano ang kahalagahan ng tanong ng Diyos kay Jonah tungkol sa kanyang galit sa pagkawala ng halaman?
 - a. Ipinapakita nito na mas inaalala ni Jonah ang kalikasan kaysa sa buhay ng tao.
 - b. Ipinapakita nito ang maling pagkaunawa ni Jonah sa kanyang misyon bilang propeta.
 - c. Ipinapakita nito na mas pinapahalagahan ni Jonah ang sariling kaginhawaan kaysa sa kaligtasan ng iba.
 - d. Ipinapakita nito ang malalim na koneksyon ni Jonah sa mga nilikha ng Diyos.

4. Kung ang kwento ni Jonah ay nagtuturo na ang awa ng Diyos ay umaabot kahit sa pinakamasasamang makasalanan, paano ito dapat makaapekto sa paraan ng mga mananampalataya sa pagbabahagi ng Ebanghelyo sa mga itinuturing na imoral o hindi karapat-dapat?
 - a. Dapat magpokus ang mga mananampalataya sa mga taong bukas na sa mensahe.
 - b. Dapat maging walang pakialam ang mga mananampalataya, sapagkat ang Diyos ang pumipili kung sino ang makakatanggap ng awa.
 - c. Dapat maging handa ang mga mananampalataya na ibahagi ang Ebanghelyo sa lahat, anuman ang kanilang nakaraan o kasalukuyang sitwasyon.
 - d. Dapat unahin ng mga mananampalataya ang mga taong tila mas matuwid.

5. Si Jonah ay nag-alinlangan na sundin ang utos ng Diyos na mangaral sa Nineveh. Sa paanong paraan nagiging hamon sa mga mananampalataya ngayon na tumugon sa hindi komportable o mahirap na mga utos mula sa Diyos?
 - a. Ipinapakita nito na ang pag-aatubili ay tanda ng espirituwal na kahinaan.
 - b. Hinahamon nito ang mga mananampalataya na kumilos agad, kahit sa mga sitwasyon na hindi nila ganap na nauunawaan.
 - c. Ipinapakita nito na ang pagsunod ay mahalaga lamang kung malinaw ang kalalabasan.
 - d. Ipinapakita nito na ang pagtakas mula sa mahirap na sitwasyon ay minsang pinakamahusay na solusyon.

6. Ano ang ipinapakita ng pakikibaka ni Jonah sa desisyon ng Diyos na patawarin ang Nineveh tungkol sa tendency ng tao na limitahan ang biyaya ng Diyos?
 - a. Madalas isipin ng tao na ang biyaya ng Diyos ay dapat na eksklusibo para sa mga matuwid.
 - b. Naniniwala ang mga tao na lahat ay dapat tumanggap ng awa kahit walang pagsisisi.
 - c. Inaasahan ng mga tao ang agarang parusa sa kasalanan nang walang biyaya.
 - d. Naniniwala ang tao na ang biyaya ay dapat ipamahagi nang patas batay sa pagsisikap.

7. Isinasaalang-alang ang personal na paglalakbay ni Jonah ng pagsisisi at kalaunang pagsunod, ano ang maaaring matutunan ng mga mananampalataya tungkol sa proseso ng espirituwal na paglago at pagbabago?
 - a. Ang espirituwal na paglago ay madalas nagsisimula sa pagtakas sa mga tungkulin.
 - b. Ang pagbabago ay nagmumula sa paulit-ulit na kabiguan at pagkakasala.
 - c. Ang espirituwal na paglago ay nangyayari lamang kapag naintindihan ng tao ang bawat aspeto ng plano ng Diyos.
 - d. Ang tunay na espirituwal na paglago ay nangyayari kapag handang isuko ng indibidwal ang kanilang sariling kalooban sa layunin ng Diyos, kahit na ito ay magdulot ng personal na kahirapan o pagtutol.